

## **Opisyal na kinikilala ng Brampton ang Marso bilang Buwan ng Kamalayan sa Kalusugan ng Isip at Pagpapalakas sa mga Black**

BRAMPTON, ON (Marso 10, 2021) – Sa Marso 3, opisyal na pinroklama ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Marso bilang Buwan ng Kamalayan sa Kalusugan ng Isip at Pagpapalakas sa mga Black, bilang tugon sa krisis sa kalusugan ng isip sa komunidad ng mga Black.

Bilang bahagi nitong mahalagang buwan, ang Panlipunan, Pangkultura at Pang-ekonomiyang Pagpapalakas ng Lungsod at ang Unit Kontra Rasismo sa Black ay magho-host ng serye ng mga Sesyon sa Komunidad sa Kamalayan sa Kalusugan ng Isip at Pagpapalakas sa mga Black.

Ang mga interesadong sumali ay pwedeng magpa-register sa sumusunod na [mga online na sesyon dito](#).

- Porum sa Kalusugan ng Isip ng Kabataan: Marso 18 mula 4:30 hanggang 6 pm
- Porum sa Kalusugan ng Isip ng mga Senior: Marso 18 mula 6:30 hanggang 7:30 pm
- Porum sa Kalusugan ng Isip ng Kababaihan: Marso 25 mula 6 hanggang 7:30 pm
- Porum sa Kalusugan ng Isip ng Kalalakihan: Marso 25 mula 7:30 hanggang 8:30 pm
- LGBTQ+ Porum sa Kalusugan ng Isip: Marso 26 mula 6 hanggang 7 pm
- Sesyon sa Edukasyon Kontra Rasismo sa Black: Marso 31 mula 9 am hanggang 12 pm

Alamin ang mas marami pa tungkol sa mga inisyatiba ng Brampton kontra rasismo sa mga Black at tungkol sa Pagpapalakas na Panlipunan, Pangkultura at Pang-ekonomiya at Unit na Kontra Rasismo sa Black sa [brampton.ca/antiblackracism](http://brampton.ca/antiblackracism).

Para sa talaan ng mga resource ng komunidad sa kalusugan ng isip sa Peel, [i-click dito](#).

### **Tungkol sa Pagpapalakas na Panlipunan, Pangkultura at Pang-ekonomiya at Unit na Kontra Rasismo sa Black sa Brampton**

Noong Hunyo 10, 2020, inaprubahan ng konseho ng Lungsod ang Pagpapalakas na Panlipunan, Pangkultura at Pang-ekonomiya sa mga Black African at Caribbean at Unit Kontra Rasismo sa Black. Pinangunahan ni Senior Advisor, Gwyneth Chapman, ang Unit ay responsable sa pagbuo at pagpapatupad ng plano ng aksyon para sa pagtanggap ng systemic na rasismo kontra Black sa Brampton. Ginabayan ng mga stakeholder ng lokal na komunidad, ang trabaho ay nakasentro sa pagpapaangat sa posisyon sa lipunan, kultura at ekonomiya ng komunidad ng mga Black sa Brampton.

Para malaman ang higit pa o para ipahayag ang interes sa pagiging kaugnay habang binubuo ng Lungsod ang Unit kontra Rasismo sa Black, mangyaring makipag-ugnayan sa Lungsod sa [economicantiblackracism@brampton.ca](mailto:economicantiblackracism@brampton.ca).

### **Mga Quote**

“Kasunod ng unang birtwal na kumperensya ng Brampton para tugunan ang pagpapalakas sa ekonomiya at kontra rasismo sa Black ng Brampton sa Canada at sa ating mga event sa Buwan ng Kasaysayan ng Black, ipinagmamalaki nating iproklama ang Marso bilang Buwan ng Kamalayan sa

Kalusugan ng Isip ng mga Black at Pagpapalakas at hino-host ang serye na ito ng mga porum sa kalusugan ng isip para suportahan ang komunidad ng mga Black. Ang Pagpapalakas na Panlipunan, Pangkultura at Pang-ekonomiya sa Black African at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Black ay gumagawa ng mahalagang trabaho para burahin ang systemic na rasismo kontra Black sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga Sesyon sa Komunidad sa Kamalayan at Pagpapalakas sa Kalusugan ng Isip ng mga Black ay magpatipon-tipon sa hanay ng mga stakeholder, na nilalayan na palakasin ang mga apektado sa krisis sa kalusugan ng isip ng mga Black at komprontahin ang panlahing pagkiling sa lugar ng trabaho at lipunan sa pamamagitan ng edukasyon at pagtataguyod ng mga kasanayan sa mas mahusay na pangangasiwa.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang buwan na ito ay lilikha ng mas malaking oportunidad para sa tapat at puno ng impormasyon na pokus ng dayalogo sa Kalusugan ng Isip at kabutihan ng mga Black. Malalaman natin ang tungkol sa mapanganib na mga epektong panlipunan at pang-ekonomiya ng rasismo kontra sa Black, inaasahan na hikayatain ang lahat ng mga Canadian at mga residente ng Brampton, na piliing maging bahagi ng solusyon. Inaasahan ng Pagpapalakas sa Ekonomiya ng Lungsod at Unit na Kontra Rasismo sa Black ang pakikilahok ng mga residente sa pamamagitan ng darating na sesyon sa buwan na ito”

- *Gwyneth Chapman, Senior Advisor, Economic Empowerment and Anti-Black Racism, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

#### **KONTAK NG MEDIA**

Gurvinder Singh  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-2028 | [Gurvinder.A.Singh@brampton.ca](mailto:Gurvinder.A.Singh@brampton.ca)